

Working Washington Grants: Round 4

Mag-apply mula Marso 29 hanggang Abril 9
May Makukuhang Tulong sa Aplikasyon!

PARA MAG-APPLY, BUMISITA SA <https://commercegrants.com>

Layunin: Igawad ang mga pondo para matulungan ang mga negosyong for-profit, lalo na ang mga inatasang magsara dahil sa mga hakbang para sa pampublikong kalusugan at kaligtasan.

Pagiging Karapat-dapat: Maliliit na negosyong for-profit na may pisikal na lokasyon (hiwalay sa tahanan), at nagkaroon ng \$25,000 hanggang \$5 milyon na kabuuang kita noong 2019.

Mga Priyoridad sa Pagpopondo:

- ✓ Mga negosyong inatasang magsara dahil sa mga kahilingan ukol sa pampublikong kalusugan at kaligtasan
- ✓ Mga negosyong nawalan ng kita dahil sa pagsasara
- ✓ Mga negosyong nadagdagan ang mga gastusing kinakailangan para mapanatili ang ligtas na operasyon
- ✓ Mga negosyong pag-aari at pinatatakbo ng mga indibidwal na sa kasaysayan ay hindi gaanong napaglilingkuran
- ✓ Pantay-pantay na distribusyon ng pagpopondo sa buong estado, kasama ang mga lugar sa kanayunan

Yugto ng Aplikasyon:

- ✓ Magbubukas ang online portal ng aplikasyon sa umaga ng ika-29 ng Marso
- ✓ Tatanggapin ang mga aplikasyon hanggang 5:00 PM PDT sa ika-9 ng Abril
- ✓ PARA MAG-APPLY MANGYARING BUMISITA SA <https://commercegrants.com>

May Makukuhang Tulong sa Aplikasyon!

- **Mag e-mail sa commercegrants@submittable.com**
- **Sentro ng Pagtawag para sa Wikang Ingles (855) 602-2722:**
8 AM – 7 PM Lunes-Biyernes, 1 PM – 5 PM Sabado at Linggo.
- **Sentro ng Pagtawag para sa Iba't ibang Wika (206) 333-0720:**
(*Amharic, Arabic, English, Mandarin, Russian, Somali, Spanish, Tagalog, at Vietnamese*).
9 AM – 7 PM Lunes-Biyernes, at 1 PM – 6 PM Sabado at Linggo.
- **Teknikal na Tulong** mula sa mga pinagkakatiwalaang mensahero ng komunidad sa pamamagitan ng aming mga katulong na organisasyon <https://www.commerce.wa.gov/serving-communities/technical-assistance-from-trusted-community-messengers/>

Kailangang Dokumentasyon:

- Kopya ng naka-file na 2019 tax return (pederal)
- 2020 tax return (pederal), kung nag-file
Kung hindi available ang mga dokumento noong 2020, dapat patunayan at tantyahin ng may-ari ng negosyo ang kabuuang taunang kita.
- Unified Business Identifier number (Pinag-isang Numero na Pantukoy ng Negosyo, UBI) ng WA State
Puwedeng magbigay ng alternatibong katunayan ng negosyo ang mga negosyong walang UBI na pag-aari ng miyembro ng tribo

Tingnan ang website na ito para masigurong may mabuting katayuan ang lisensya ng negosyo mo:

<https://dor.wa.gov/open-business/business-licensing-and-renewals-faqs#renewed>

- Pampederal na Employer Identification Number (Numero ng Pagkakakilanlan ng Employer, EIN), kung naaangkop
- Wastong ID na may larawan na inisyu ng Pamahalaan
- Kung ginawaran ng grant, dapat kumpletuhin ang [W-9](#) form

Hindi Karapat-dapat na Mag-apply — ang sumusunod na mga uri ng negosyo at organisasyon ay hindi karapat-dapat na mag-apply para sa grant program na ito:

Mga negosyo na

- Mga Negosyong para sa Mga Nasa Hustong Gulang (mga uri ng negosyong mahalay at seksuwal)
- Mga pinagmumulan ng agrikultura at aquaculture (kagaya ng mga bukid at rantsero)
- Mga tagapagbigay ng pangangalaga sa bata (hindi kasali ang paglilibang/entertainment)
- Mga pinansyal na kompanya (mga bangko, pampinansyal na kumpanya at factoring company)
- Ospital/Mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (ang mga personal na serbisyo kagaya ng pagmamasaha/chiropractor **AY** karapat-dapat)
- Mga operasyon ng marijuana/cannabis
- Mga negosyong passive (mga namumuhunang kumpanya, mga Namumuhunang nag-file ng Schedule E sa Internal Revenue Service (IRS))
- Pulitikal o pangunahing nagdaraos ng mga aktibidad na nang-iimpluwensya
- Mga Negosyong Mapanira (mga negosyong rent-to-own at mga negosyong nag-e-encash ng mga tseke)
- Mga Propesyonal na Serbisyo (accounting, insurance, legal, mga serbisyong pampinansyal/mga firm, arkitekto atbp.)
- Pangangasiwa ng ari-arian/Real estate
- Mga negosyong sapalarán

- Entidad ng pamahalaan o mga tanggapan ng inihalal na opisyal
- Mga Silid-aklatan
- Non-profit na negosyo o organisasyon
- Mga Paaralan (Pre-K, K-12 at mas mataas na edukasyon)

- Mga negosyo na aktibong nakikibahagi sa mga kasalukuyan/nakabinbin na demanda
- Mga negosyong aktibong nagtataguyod ng deklarasyon ng pagkalugi
- Mga negosyong hindi pinahihintulutan ng pederal na pamahalaan
- Mga negosyo na natuklasang may mga isyu sa pagsunod o pangangasiwa mula Marso 2020
- Mga negosyo na natuklasang lumabag sa anumang kautusang ibinigay ng gobernador may kinalaman sa COVID-19. Kasali dito ang pananatiling nakabukas kahit inutusang magsara, o pagsasawalang-bahala ng mga hakbang para sa kalusugan o kaligtasan mula sa COVID-19 na naaangkop sa negosyo.
- Mga negosyo na permanenteng nagsara o nilalayon na permanenteng magsara sa 2021
- Mga negosyong hinihigpitan ang pagtangkilik para sa anumang dahilan maliban sa kapasidad o mga paghihigpit sa edad alinsunod sa mga regulasyon